REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 92-264

**KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KAUKULANG KOMENDASYON SI MGGL. VICENTE S. ORAP, TUMATAYONG REGISTRAR NG COMMISSION ON ELECTIONS, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA DAHIL SA KANYANG MATAPAT NA PANGA-NGASIWA NG HALALAN NA NAGDULOT NG ISANG MALINIS, MAAYOS AT MA-PAYAPANG HALALAN SA BAYAN NG MUNTINLUPA.**

*********************************************************************

**SAPAGKAT,** ang halalan ay isang prosesong nagsasaad ng pagkilala ng kapangyarihan ng mamamayan ng isang demokratikong bansa upang pumili ng mga mamumuno sa bayan;

**SAPAGKAT,** kapag ang kapangyarihang ito ay nasagkahan at ang tunay na kalooban ng tao ay hindi naipahayag dahil sa marumi, di maayos at marahas na halalan mabibigo ang layuning nais isakatuparan nito;

**SAPAGKAT,** si Mggl. Vicente S. Orap ay naging instrumento ng mga mamamayan ng Muntinlupa upang ang kanilang tunay na saloobin ay hindi mabahiran ng anumang dungis sa pamamagitan ng matapat na pangangasiwa ng nakaraang halalan.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na bigyan ng kaukulang komendasyon si Mggl. Vicente S. Orap, tumatayong registrar ng Commission on Elections, Muntinlupa, Kalakhang Maynila dahil sa kanyang matapat na pangangasiwa ng halalan sa Bayan ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY** ng nakararaming kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-201 st regular na pulong na ginanap noong Hunyo 22, 1992 sa bulwagan ng People's Center, Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal**

**KGG. CARLO G. TENSUAN**
**Konsehal**

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

**KGG. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**KGG. ANANIAS P. SIMUNDAC**
**Konsehal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINAGTIBAY :

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/cga